POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

# Chlamydia

Ang chlamydia ay isang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik [sexually transmitted infection (STI)] na dulot ng isang uri ng bacteria (*Chlamydia trachomatis)* na maaaring maipasa mula sa isang tao patungo sa isa pa sa panahon ng vaginal, anal, o oral sex.

## *Paano ko makukuha ang chlamydia?*

Ang chlamydia ay karaniwang kumakalat sa panahon ng pakikipagtalik. Maaari din itong maipasa mula sa isang buntis patungo sa bagong silang sa panahon ng panganganak at nagiging sanhi ng malulubhang problema. Dahil karamihan sa mga tao ay walang sintomas, madaling kumalat ang impeskyon nang hindi ito nalalaman.

## *Ano ang dapat kong hanapin?*

**Mga tao na may vagina:**

**Hanggang sa 90% ng mga nahawaan ay walang sintomas.** Sa mga mayroong sintomas, maaaring kabilang ang:

- Vaginal discharge
- Hindi pagkaraniwang pagdurugo ng vagina
- Napapaso o pananakit sa pag-ihi
- Pananakit habang nakikipagtalik

**Mga tao na may penis:**

**Hanggang sa 70% ng mga nahawaan ay walang sintomas.** Sa mga mayroong sintomas, maaaring kabilang ang:

- Napapaso o pananakit sa pag-ihi
- Pananakit o pangangati sa ulo ng penis
- Discharge mula sa penis
- Pananakit, pagkalambot, o pamamaga ng (mga) testicle

**Tumbong (Rectum):**

Ang chlamydia ay maaaring mailipat sa tumbong sa pamamagitan ng nahawaang penis sa panahon ng anal sex. Kadalasan ay walang sintomas, ngunit ang mga impeksyong ito ay maaaring magdulot ng pangangati ng anal, pananakit, pagdurugo, o discharge.

**Lalamunan:**

Ang chlamydia ay maaaring mailipat sa lalamunan sa pamamagitan ng nahawaang penis sa panahon ng oral sex. Kadalasan ay walang sintomas.

## *Malubha ba ang chlamydia?*

Maaaring maging malubha ito. Ang chlamydia ay maaaring magdulot ng malubhang impeksyon sa epididymis/testicles (balls) na maaaring maging sanhi ng pananakit at humantong sa pagkabaog (pagbara ng isperm). Sa mga tao na may vagina, maaaring humantong ang chlamydia sa isang malalang impeksyon na tinatawag na pelvic inflammatory disease (PID). Ang PID ay maaaring mapinsala ang mga fallopian tube

*-over-*

at maging mas malamang na magkaroon ng “tubal pregnancy” (sa labas ng matris). Ang PID ay maaari ding humantong sa pagkabaog, ang kawalan ng kakayahang mabuntis.

Maaaring mapataas ng chlamydia ang panganib na makakuha at makapagpasa ng HIV at iba pang mga STD. Kung ikaw ay nasuri na may chlamydia, siguraduhin na magpasuri ka rin para sa HIV. Ang rectal chlamydia ay naglalagay sa iyo sa partikular na mataas na panganib na magkaroon ng HIV. *Kung nagkasakit ka ng rectal chlamydia at negatibo sa HIV, kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa PrEP.*

## *Paano ginagamot ang chlamydia?*

- Ang paggamot ay maaaring may antibiotic na iniinom dalawang beses araw-araw sa loob ng pitong araw o isang beses na dosis ng ibang antibiotic. Mahalaga na tapusin ang lahat ng pildoras na ibinibigay sa iyo, kahit bumuti na ang iyong pakiramdam bago inumin ang lahat ng ito.
- Ang iyong (mga) sex partner ay dapat gamutin. Kung hindi, maaari nilang maibalik ang impeksyon sa iyo o makahawa pa sa iba. Maaari kang humingi ng gamot para ibigay sa iyong (mga) partner.
- Huwag makipagtalik sa loob ng isang buong linggo pagkatapos mong simulan ang paggamot. Huwag makipagtalik sa iyong (mga) partner habang iniinom ng bawat isa ang inyong gamot.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon o pagkalat ng chlamydia?*

- Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.
- Tanungin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa doxy-PEP.
- Huwag makipagtalik kung ikaw o ang sekswal na partner ay mayroong mga sintomas ng STI, kabilang ang discharge, pagkapaso sa pag-ihi, rash, o mga genital sore.

**Mahalaga na magpasuring muli para sa chlamydia mga 3 buwan pagkatapos ng iyong paggamot dahil kung nagkaroon ka na dati ng chlamydia, mas malamang na magkaroon kang muli nito.**

**Para sa higit pang impormasyon:**
Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormsyon:

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayron din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org
www.sfsi.org/

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA  94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org

**Teens**
www.iwannaknow.org

www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

*-over-*